9

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Learning Activity Sheet
# Filipino 9
# Kuwarter 3 – MELC 2

## Pagsulat ng Isang Anekdota o Liham na Nangangaral; Isang Halimbawang Elehiya



**REGION VI-KANLURANG VISAYAS**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS) Blg.2**
**Unang Edisyon, 2021**

Inilimbag sa Pilipinas
Ng Kagawaran ng Edukasyon,
Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas
Duran St., Iloilo City

Isinasaad ng **Batas Republika 8293, seksiyon 176** na “Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-ari (sipi) sa anumang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayunpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaang naghanda ng gawain kung ito’y pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.”

Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay inilimbag upang magamit ng mga Paaralan sa Rehiyon 6 - Kanlurang Visayas.

**Walang bahagi ng aklat** na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anumang porma nang walang pahintulot sa Kagawaran ng Edukasyon, Rehiyon 6 – Kanlurang Visayas.

**Bumuo sa Pagsusulat ng Learning Activity Sheet - Filipino 9**

**Manunulat:** Alfrena P. Lebron
**Tagaguhit :** Jerome Jordan Z. Ponsica
**Tagalapat :** Eldiardo E. Dela Peña

**Division Quality Assurance Team**
Diana P. Agupasa Perly M. Mapa
Cynthia C. Caspe Rosie C. Cabus
Marie Antoniette M. Villar Angela Mae D. Lim

**Division of Escalante City Management Team:**
Clarissa G. Zamora., CESO VI
Atty. Fevi S. Fanco, EdD
Ivy Joy A. Torres, PhD
Jason R. Alpay
Alicia M. Geroso

**Regional Management Team:**
Ramir B. Uytico, EdD, CESO IV
Pedro T. Escobarte, Jr.
Elena P. Gonzaga, PhD
Donald T. Genine
Celestino S. Dalumpines IV

**MABUHAY!**

Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay nabuo sa pamamagitan ng sama-samang pagtutulungan ng Sangay ng Lungsod Escalante at Kagawaran ng Edukasyon, Region 6 – Kanlurang Visayas sa pakikipag-ugnayan ng Curriculum and Learning Division (CLMD). Inihanda ito upang maging gabay ng learning facilitator, na matulungan ang ating mga mag-aaral na makamtan ang mga inaasahang kompetensi na inilaan ng Kurikulum ng K to 12.

Layunin ng **LAS** na ito na gabayan ang ating mga mag-aaral na mapagtagumpayan nilang masagot ang mga nakahanay na mga gawain ayon sa kani-kanilang kakayahan at laang oras. Ito ay naglalayon ding makalinang ng isang buo at ganap na Filipino na may kapaki-pakinabang na literasi habang isinasaalang-alang ang kani-kanilang pangangailangan at sitwasyon.

**Para sa mga learning facilitator:** Ang **Filipino 9 Learning Activity Sheet (LAS)** na ito ay binuo upang matugunan ang pangangailangan ng ating mga mag-aaral sa larang ng edukasyon, na patuloy ang kanilang pagkatuto kahit na sila ay nasa kani-kanilang mga tahanan o saan mang bahagi ng learning center sa kanilang komunidad.

Bilang mga learning facilitator, siguraduhing naging malinaw ang mga panuto sa mga gawaing iniatas sa kanila. Inaasahan din na patuloy nating masubaybayan ang pag-unlad ng mga mag-aaral (learner's progress).

**Para sa mga mag-aaral:** Ang Filipino 9 **Learning Activity Sheet** na ito ay binuo upang matulungan ka, na mapatuloy ang iyong pagkatuto kahit na wala ka ngayon sa iyong paaralan.

Pangunahing layunin ng LAS na ito na mabigyan ka ng makahulugan at makabuluhang mga gawain. Bilang aktibong mag-aaral, unawain nang mabuti ang mga panuto ng bawat gawain.

# Learning Activity Sheets (LAS) Blg. 2

Pangalan:______________________________Grado at Seksiyon:_______________

Petsa: _____________________________

**GAWAING PAMPAGKATUTO SA FILIPINO 9**

**Pagsulat ng Isang Anekdota o Liham na Nangangaral;
Isang Halimbawang Elehiya**

## I. Kasanayang Pampagkatuto at Koda

Naisusulat ang isang anekdota o liham na nangangaral; isang halimbawang elehiya **(F9PU-IIIa53)**

## II. Panimula (Susing Konsepto)

Hindi pa man umuusbong ang mga gamit panteknolohiya para sa komunikasyon ay mayroon ng paraan ang mga tao noon sa pakikipag-usap. Ito ay sa pamamagitan ng pagsulat ng isang liham. Kadalasan, umaabot ito ng isang linggo bago mo makuha ang sagot ng iyong nilihaman.

Maraming paraan at layunin sa pagsulat ng liham. Isa na dito ang pagsulat ng liham na nangangaral tungkol sa buhay na namayapa na, na maaaring ituring na isang halimbawa ng elehiya. Ang anekdota ay tungkol sa isang kawili-wiling pangyayari sa buhay ng isang tao. Isang layon nito ay makapagbigay mabuting karanasan na mapupulutan ng magagandang aral sa buhay.

Ang isang elehiya ay isang tulang liriko na nagpapahayag ng damdamin , paggunita , at pagpaparangal sa isang nilalang na sumakabilang-buhay.

## III. Sanggunian

Aklat:

Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, pahina 202
Peralta, Romulo N. et al (2014) *Elehiya sa Kamatayan ni Kuya*. Isinalin sa Filipino ni Pat V. Villafuerte, sa Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9, pahia 206-207

Sariling Katha:

Lebron, Alfrena E. 2021, Anekdota sa buhay ni Mylene. Hindi nailathalang anekdota.

# IV. Mga Gawain

**Gawain 1**

Panuto: Basahin at unawain ang kasunod na elehiya na isang akdang pampanitikan sa Kanlurang Asya na pinamagatang “Elehiya sa Kamatayan ni Kuya” sa pahina 203-204 sa *Panitikang Asyano, Modyul ng Mag-aaral sa Filipino 9*.

**Gawain 2**

Paglinang ng Talasalitaan
Panuto: Basahin at unawain mo ang mga linya ng tula at isulat sa katapat na kahon ang kahulugan. Sikapin mong magamit sa sarilng pangungusap ang mga binigyang-kahulugan na pahayag. Isulat sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| 1. Sa edad na dalawampu’t isa, isinugo ang buhay | |
| 2. Sa gitna ng nagaganap na usok sa umaga. | |
| 3. Walang katapusang pagdarasal. | |
| 4. Mga mata’y nawalan ng luha. | |
| 5. Malungkot na lumisan ang araw. | |

**Gawain 3**

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang anekdota sa ibaba. Pagkatapos ay sagutin ang ilang katanungan sa ibaba

**Anekdota sa buhay ni Nanay Maria**
-Alfrena E. Lebron

Siya si Nanay Maria. Animnapu’t walong edad. Merong pitong anak. Apat na lalaki at tatlong babae. Apat sa kaniyang mga anak ay nakapag-asawa na. Ang dalawa ay nagtatrabaho sa Maynila. Ang isang anak na binata ay naiwan sa kaniya kasama ang kanyang panganay na anak na lalaki. Kapwa manginginom at sugarol ang mga ito. Lagi itong lasing sa pagsapit ng sabado at linggo. Nagsisimula ng away sa kanyang mga kapatid o kahit sa sinumang tao. Nanghihingi ng pera sa kaniya at kapag wala siyang maibigay ay sinisigawan siya nito at inaaway.

Isang araw, nasabi ni Nanay Maria sa kanyang panganay na babae nang minsang uumuwi ito sa kanila na may bukol na tumubo sa kanyang bandang

dibdib. Sinabi ng anak nab aka nakagat lamang ito ng langgam. Lumipas ang mga araw at buwan, naobserbahan ni Nanay Maria na lumaking parang holen ang bukol. Sinabi niya ulit ito sa anak na babae. Napagdesisyonan ng anak na babae na ipatingin sa doktor si Nanay Maria. Noong una ay ayaw pa niya hanggang sa sumakit ang bukol sa kanyang dibdib. Dahil hindi na kaya ni Nanay ang sakit na nararamdaman, ay pursigido itong nagpatingin sa doktor. Doon nalaman na siya ay may *stage 3 breast cancer*. Biglang gumuho ang kanyang mundo. Matanda na siya, bakit ngayon pa siya nagkaroon ng sakit na ganito? Halos hindi niya matanggap ang nalaman.

Sinabi niya ang naging resulta sa kaniyang mga anak. Inimungkahi ng doktor na operahan siya sa lalong madaling panahon. Ika-22 ng Disyembre, araw ng kanyang operasyon. Lahat ay nagdarasal pati ang kanyang mga apo para sa maayos at matagumpay na operasyon. Naging matagumpay nga ito

sa kabila ng saglit na paghinto ng kanyang puso. Umuwi sila galing hospital pagkatapos ng ilang linggo. Baon ang higpit na payo ng doktor na bawal ma *stress* si Nanay Maria sa anumang bagay. Dumaan ang ilang buwan ay mas lalong lumala ang kalagayan niya. Unti-unting nalagas ang kanyang buhok at hindi na magana kung kumain. Sumapit ang araw ng sabado, biglang umuwi ng lasing ang kaniyang isang anak. Nagsisisigaw ito sa kanyang tapat mismo. Sinuway siya ng nakatatandang kapatid ngunit nagalit ito. Nagsigawan ang dalawa sa kanyang harap na mas lalong ikinasama ng kanyang kalagayan. Halos linggo-linggo itong nangyayari. Ni hindi nila mabigyan ng respeto ang may sakit na kanilang ina. Sampung buwan ang lumipas at hindi na nga nagtagal ang buhay ni Nanay Maria. Iniwan na niya ang kaniyang mga mahal sa buhay. Ang tanging naiwan na lamang niya ay ang mga alaalang masasaya at mga mabubuting aral. Nagsisi ang kanyang mga anak na hindi nila nabigyan ng tamang-pag-aaruga ang kanilang ina.

Para sa mga makababasa nito, laging pakatandaan na ang buhay ng ating Ina ay isa lamang, Pahalagahan natin sila sa lahat ng bagay. Habang bata pa, pakitaan natin sila ng respeto at pagmamahal dahil hindi sa lahat ng panahon lagi natin silang kasama.

Mga Tanong:

1. Sino ang tinutukoy sa anekdota?
2. Ano ang naging dahilan ng kanyang pagkawala?
3. Anong aral ang makukuha sa anekdota?

**Gawain 4**..Isagawa Mo!

Kung ikaw ay pagbibigyan ng pagkakataon na sumulat ng isang liham na nangangaral, ano ang iyong sasabihin sa mga anak ni Nanay Maria?

Rubrics sa pagbuo ng liham nangangaral

| Pamantayan | 10 | 9 | 8 | Puntos |
|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Tahasang naipapakita/nakasusulat ng pagpapangaral sa mga anak ni Nanay Maria. | Nagpakita/ nakasusulat ng pangaral para sa mga anak ni Nanay Maria. | Nagpakita/Nakasulat ng simpleng pangaral ang naisulat para sa mga anak ni Nanay Maria. | |
| Paggamit ng tamang bantas at malaki at maliit na titik | Nagamit ng wasto ang lahat ng bantas at pagkakagamit ng maliit at malaking titik. | May 1-4 na maling bantas na nagamit at maliit at malaking titik. | May 5 o higit pang maling bantas at maliit at malaking titik. | |
| Paggamit ng salita | Tama ang paggamit ng salita. | May 1-4 na maling pagagamit ng mga salita. | May 5 o higit pang pagkakamali sa paggamit ng mga salita. | |
| Kalinisan at kaayusan | Maayos at malinis ang pagkakasulat | May 1-3 bura o dumi sa pagkakasulat. | May 4 o higit na bura at hindi mabasa ang pagkakasulat. | |

**Tandaan:**

Ang isang elehiya ay isang tulang liriko na naglalarawan ng pagbubulay-bulay o guni-guni na nagpapakita ng masidhing damdamin patungkol sa alaala ng isang mahal sa buhay.

## V. Repleksiyon

Natutuhan ko sa araling ito na . . .

______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________
______________________________________________

# VI. Susi sa Pagwawasto

Gawain 2

1. maagang nasawi
   -Maagang nasawi sa pag-ibig ang kanyang batang puso
2. bukang-liwayway
   -Bukang-liwayway na nakauwi ang aking kapatid na babae.
3. pagnonobena
   -Nagnonobena sa simbahan sila Pepe at Ana tuwing alasais ng gabi.
4. Pikit ang mata
   -Pinalo ni Ben ang paso habang pikit ang mata.
5. Paglipas ng araw
   -Sa paglipas ng araw, makakalimutan mo rin ang mga mapapait na pangyayari.

Gawain 3

1. Ang tinutukoy sa anekdota ay si Nanay Maria
2. Naging malala ang kanyang sakit na cancer. Pahalagahan ang

Gawain 4

Iwawasto ng guro ang nagawa ng mag-aaral kalakip ang nagawang rubrik.